Gera Gera

Gloc-9

Gera, gera
Mag-ipon na ng mga bala
Magdidilim na ang planeta
Ihanda na ang mga gasera

Gera, gera
Mag-ipon na ng mga bala
Magdidilim na ang planeta
Ihanda na ang mga gasera

Pawis na pawis ang aking mga kamay
Kinakabahan, ako'y halos mahimatay
Agos ng mga pangyayari, lahat ay natangay
Bago umalis, ako ay nagpaalam kay Inay
Mag-ingat ka anak, delikado sa labas
Baka mabutas ang supot ng isang kilong bigas
Mabasag ang bote ng mantika na pampadulas
Ng pinto ni Satanas, tumingala ka sa taas

'Wag kang titingin sa baba lalo na kung malulain
Pailalim, hihilahin 'pag huminga ng malalim
Na parang sinasakal, pinuluputan ng baging
Ang leeg manginig kahit 'di malamig ang hangin
Mainit na dugo, lalamunan na tuyo
Madami na mga nahuli, ilan na ba nabigo?
Buhay ang nakataya, tagu-taguang laro
Lahat tayo ay kasali, 'di ka pwedeng magbiro dito sa...

Gera, gera
Mag-ipon na ng mga bala
Magdidilim na ang planeta
Ihanda na ang mga gasera

(Gera) Ang pumapatay, hindi mga armas
(Gera) O karamdaman na wala pa daw lunas
(Gera) Sa panahong burado ang mga antas
(Gera) Mga kumukumpas lang ang kumakaltas
(Gera) Sa kaban ng bayan may tapayan na butas
(Gera) Tuloy-tuloy ang pag-agos ng katas
(Gera) Mula sa puno na ilan lamang ang siyang pwedeng makapitas
(Gera) Kailan pa kaya tayo maililigtas dito sa gera?

Sino nga ba ang kalaban?
Sino nga bang panggulo?
'Yun bang dala-dala ng hangin
O yung haring may dala-dala sa ulo
Sumabay sa koro ng...

Gera, gera
Mag-ipon na ng mga bala
Magdidilim na ang planeta
Ihanda na ang mga gasera

Gera, gera
Mag-ipon na ng mga bala
Magdidilim na ang planeta
Ihanda na ang mga gasera

Gera, gera
Sino ba ang siyang tunay na kalaban?
Gusto ko lang talaga na malaman
Upang ang lahat ay maliwanagan

Gera, gera
Sino ba ang siyang tunay na kalaban?
Gusto mo ba talaga na malaman?
Hanging madumi, 'yung mahanging gahaman

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!